**Ang nanay kong tatay raw (part 3 of 4):**
**Gender binary vs. stock knowledge**

**By Libay Linsangan Cantor**

Isang araw na masugid kong ginagampanan ang bagu-bagong role ko sa buhay bilang guardian ng mga junakis ng aking sweetheart, napa-tumbling naman ako nang husto dahil sa binanggit na mga salita ni koya bagets sa aming eksena.

Koya: I like talking to you more than talking to mommy.

Me: Why?

Koya: Because I feel I could talk to you better.

Me: But you also talk like this with mommy before.

Koya: Yes but you are different.

Me: How?

Koya: Because we talk man-to-man.

<Insert silent scream here, a la Patayin Sa Sindak Si Barbara mode.>

Direk, kailangan ko na bang mag-retouch ng mok-ap at ang tingin na sa akin ng lente ni bagets ay menchu, at hindi na gerlet? Pakikabitan nga ako ng hair extension! Wait, let me rephrase that.

Direk, change costume na ba dapat ako at ang turing sa akin ni bagets ay menchu at hindi gerlet? Paki-plantsa na nga ang palda! Hanuneh?

Sandali, lost din si direk. Take five daw.

Okay fine.

*

Alam kong narinig mo na ang everlasting chant of our childhood kung saan nilalatag ang ilang sexual orientation o gender identity/expression (SOGIE) chenerz sa buhay.

*Boy, girl, bakla tomboy. Boy, girl, bakla, tomboy.*

Repeat to fade.

Maliit pa lang tayo, nilalaro na tayo ng existence ng mga binaries ng pagkatao ng tao. Agad-agad, may mga kahon tayong dapat pasukan pagkalabas na pagkalabas pa lang natin sa puwerta ng ating mga butihing ina. Ikaw ay may lawit so boylet ka daw. Ikaw ay may hiwa so gerlet ka daw. Touch move na 'yan hanggang paglaki mo o hanggang matauhan ka kung match nga ba ang body part na tinitignan nila sa pagkategorya sa iyong panloob na pagkatao, o hanggang sa bigyan mo sila ng challenge na hindi opposite ang iyong peg kundi same-same ang hanap. Kaya tuloy, ang ating mga kaalaman sa gender, lalo na sa gender binaries, ay bahagi na ng stock knowledge natin na nakatanim lang sa utak natin mula't sapul pa. Ano naman ang bunga nun?

Pero alam nating there's more than meets the eye pagdating sa ating mga pagkatao. Sa itatakbo ng iyong buhay, may panahon talagang magta-transform ka into something else, morph even, depende sa kaya ng special visual effects ng buhay mo. *Autobots, transform!* lang ang peg teh.

Ang sa ganang akin, simple lang naman ang transformation ko: mula sa isang babaeng ang feel niya sa sarili ay babae, babae lang din naman ang hinanap kong kaulayaw sa buhay, sa loob at sa labas ng bahay, sa ibabaw at sa labas ng kama. Pero maraming nahihirapang tanggapin ito dahil sa ang tingin nila sa akin noon ay girl na girl. Like, how can I go for a girl din daw kung girl din ako? So sino na daw ang man sa aming dalawang girls if ever? Jeskelerd, sa tuwing makakasalamuha ako ng ganitong pag-uusisa, gusto kong batuhin ng dictionary para tignan nila ang definition ng "lesbian" at madiskubreng walang man dapat sa relasyong woman-to-woman. Dapat.

Pero dahil sa nagmo-morph ka rin minsan matapos mong mag-transform, ibang karakter na ang makikita nila minsan sa iyo. Bilang nag-boycott na ako sa pagsusuot ng mga damit na itinakdang pambabae lamang at nagsha-shopping na ako sa mga damit na itinakdang panlalaki lamang, akala tuloy ng lahat na ang pagkatao ko ay tumatawid na rin sa kabilang banda: na tulad na ako ng mga lesbiyanang gustong magmukhang lalaki. NOT! Genderqueer lang po sa gender expression, pero super-woman pa rin ang feel inside, k? K.

Kahit sa mga nakatatanda, mahirap talagang ipaintindi kung ano ang tunay na identidad ng isang nilalang. Ako po ay babae at mahal ko ang pagiging babae ko, pero ayoko pong malimitahan ang pananamit ko at hitsura ko sa kung ano lamang ang itinakda ng lipunan na pananamit at hitsura ng babae o lalaki. Plus sa laki ng balakang ko teh, wala kasing komportableng sakto sa size ko sa women's wear kasi sa department store haller! True story, but I digress.

Kaya pagdating sa pagpapaintindi sa mga bagets na nasaksakan na ng stock knowledge na ito ng gender binaries, paano mo masasabi sa kanila na hindi applicable sa lahat ang mga una nilang natututunan sa buhay? Bilang mas nakatatanda, paano nga ba natin bubuwagin ang isang konseptong kabuwag-buwag na, pero nagsisimula pa lang itong buuin sa isipan at pagkatao ng mga kabataan?

Your guess is as good as mine, teh.

Kaya kinapa ko na lang ang sasagutin ko sa eksenang iyon kung saan kailangan kong ibahagi nang mas malinaw na hindi dapat ako tignan ni bagets bilang man na ka-man-to-man talk niya, pero isang nilalang na nakikipag-usap sa kanya -- dahil I care.

Sige nga direk, take na.

*

Balik sa eksena ko at ni koya bagets, nangangapa pa rin ako kung paano ko nga ba sasabihin ang gender binary system sa kanya. Bahala na si Batman...at si Sappho.

Me: Maybe you should stop using that term “man-to-man” because you can see that I am not a man, right?

Koya: Yes. But you are with mommy.

Me: Yes, but you have to understand: just because there is a mommy doesn’t mean there is a daddy, too. Not all families are like that. Some families have a mommy only. Some families have a daddy only, right? Then there are some families where there are two mommies, and there are families with two daddies.

Koya: But I only have one mommy!

At dito na nga nagkakatalo ang pag-iintindi ng gender binary. More than the limiting binary and the gender roles, ang talagang kailangan ipaintindi sa mga bagets ay ito: walang papalit sa mommy nila o magte-take over ng primary role na ito ng mommy nila. So nasaan na ako sa usapang ito, right?

Me: Yes, I know. And I am not your mommy. But I am your mommy’s partner.

Koya: You are like a parent.

Me: Yes, maybe that’s it. I am also a parent. Even if I am not your mommy. But I will never be a daddy also, understand? Because a daddy is a man, and I am not a man. I am a woman. Okay?

Koya: Okay. But that is what I mean. I like talking to a parent. It makes my feelings lighter.

Me: Okay, thank you. But you understand that I am not a man, okay? I am a woman, okay? I just want to be sure.

Koya: Yes.

Me: So maybe don’t use the term “man-to-man talk” anymore, okay?

Koya: What will I use?

Me: Maybe use “we talk as equals” or “we talk as friends” but not “we talk as man-to-man” okay? Because anybody can talk to you like this, like your mommy. And that’s not a “man-to-man talk,” right?

Koya: Okay. Or I will use parent.

Me: Okay, then. That’s good. Parent is good.

Koya: That is what I mean. I like talking to a parent. I talk to you as a parent.

Me: Okay.

Koya: I can see you are a parent because you love us kids like a parent. And you and mommy love each other.

<Aww, heart, melt, now na.>

Jeskelerd, salamat po Sappho at naisara ko rin ang eksenang iyon nang matiwasay...until the next chikahan na lang siguro. Dahil alam kong magkakaroon pa si bagets ng maraming exposure sa iba’t ibang bahagi ng lipunang stuck pa rin sa stock knowledge ng gender binary at gender roles, kaya kailangan pa rin naming paghandaan ng sweetheart ko ang mga isasagot namin sa mga future dialogues namin sa mga bagets na ito.

In the meantime, puwede na rin kaming mag-take five, direk.

For now. //

*Libay Linsangan Cantor is an award-winning Manila-based queer writer, media practitioner and gender advocate. Email her at leaflens@gmail.com. She blogs at* Culture Popper Leaflens *and tweets as* *@Leaflens.* *She answers queer-related queries at her* Askfm leaflens *site.*

Photos by the author. Some rights reserved.